

Chapter One



"Hindi ka pa rin ba nagsasawa sa pagsabog ng mga petals sa dagat?" tanong ni Minette na tumabi sa pagkakaupo kay Gillian sa buhangin. Nakaugalian na kasi ng dalaga na bumalik sa island beach resort na ito upang sariwain ang mga alaala nila ni Arthur at para na rin alalahanin ang death anniversary nito.

"Pag nakahanap na ako ng bagong pag-ibig, 'tsaka lang siguro ako magpapaalam sa lugar na ito." Malungkot ang mga mata niyang tumingin kay Minette.

Tatlong taon na ang nakararaan nang masawi si Arthur sa pagsabog ng eroplanong sinakyan

nito pauwi ng Pilipinas. Nakapag-trabaho ito sa abroad pagkatapos ng kanilang graduation, at mula noon ay tanging sa chatroom lang sila nakakapag-usap.

Isang araw nang magbukas siya ng *Yahoo! News* ay nakita niya ang headline tungkol sa pagsabog ng isang eroplano galing Australia. Pareho ang flight number niyon na sinabi sa kanya ng lalaki noong huli silang mag-chat. Hindi rin ito nakarating sa takdang araw ng pagdating sa Pilipinas.

Wala siyang mapagtanungan, kahit mga kaibigan ng lalaki ay hindi niya ka-close at hindi rin naman niya kilala ang pamilya nito kaya gayun na lamang ang kanyang paghihinagpis. Parati pa rin niyang niyayakap ang litrato ni Arthur kahit tatlong taon na ang nakalipas. Hindi pa rin siya nakaka-move on.



As usual, late si Gillian kaya pagpasok ng building ay nagmadali siyang makalulan ng elevator patungong tenth floor kung saan nandoon ang kanilang opisina. Nakita niya ang papasarang elevator kaya hinabol niya iyon. Bigla ay nagulat siya at kinabahan. Tama ba ang kanyang nakikita? Si Arthur? Buhay ito?

Nakatingin lang ito sa kanya, ngunit walang ekspresyon ang mukha nito.

“Arthur?” Nagpumilit siyang sumabay sa mga taong nakasakay na sa lift.

“Miss, overloaded na,” mataray na sabi ng isang babae na nakatayo na tabi ng lalaki. Sumara na ang pinto ng elevator. Napamaang si Gillian, tila saglit na tumigil ang kanyang mundo nang makita niya ang lalaking iyon.

Kailangan ko siyang makita at makausap, aniya sa sarili. Hahanapin niya ang lalaking iyon kahit halughugin niya ang buong building.

Kinabukasan ay parang wala sa sarili na bumaba ng hagdanan si Gillian imbes na lumulan ng elevator. Gusto niyang maiyak. Pakiramdam niya ay laging may nakakabit na alaala si Arthur sa lahat ng bagay na makikita niya. Kagaya na lamang ng nakita niya nang nagdaang araw. Hindi niya alam kung totoo iyon o baka namamalikmata lang siya dahil sa sobrang pag-iisip niya sa yumaong nobyo.

Saglit na umupo muna siya sa hagdanan at bumuntong-hininga. Hindi na niya namalayan ang pagpatak ng kanyang luha dahil muling nanariwa ang sakit at pangungulila na kanyang nararamdaman sa pagkawala ni Arthur nang

makita niya ang lalaking kamukha nito.

Hindi namalayan ni Gillian ang paglapit ng isang lalaki sa kanyang likuran. Napatigil ito nang makita siya, at tila inusisa ng tingin ang babaeng umiiyak na nakatalikod. Sa tagal ng elevator kasi ay naisipan na lang nito na bumaba ng hagdan sa 9th floor kung saan naroon ang canteen.

“Miss, are you okay?” tanong nito.

Nagpunas ng luha ang dalaga nang marinig ang boses nito. Lumingon si Gillian at nakita ang isang pares ng leather shoes. Naglakbay pataas ang tingin niya sa black slacks patungo sa gray shirt with dark blue necktie at coat. Nang huminto ang mga mata niya sa mukha nito ay nagulat siya at hindi makapagsalita. Para siyang nakakita ng multo. Ang lalaki sa elevator!

“Arthur!” Bigla siyang napatayo sa harap ng estranghero, hindi makapaniwala sa nakikita. Nananaginip ba siya o nagha-hallucinate? Minumulto na nga ba siya ni Arthur dahil palagi niya itong iniisip?

Kahawig na kahawig ito ni Arthur, pero bakit parang hindi siya kilala ng lalaki? Nakatingin lang ito sa kanya na tila nagtatanong, nahihiwagaan sa kanyang inasal.

Napasinghap siya at nanginig sa kanyang

kinatatayuan.

“Arthur? Buhay ka nga ba?” mahinang sambit niya.

“What?” naguguluhang tanong ng kaharap.

“Arthur, ikaw nga...” Lumapit siya rito at pinisil pa ang pisngi ng lalaki para siguruhing hindi siya nananaginip. Napaatras ito at itinaas ang kamay.

“Wait! Ano’ng ginagawa mo, Miss? Sinong Arthur? I’m not Arthur,” sabi nito.

Tila nahimasmaan si Gillian. Hindi nga ito si Arthur; may pagkakaiba rin ang mga ito. Si Arthur ay mahilig magpahaba ng buhok at may dimples sa magkabilang pisngi, samantalang itong kaharap niya ay wala. Pero maaari rin namang nagbago na iyon dahil matagal na silang hindi nagkita. Naka-brush-up ang buhok nitong clean cut at nakasuot ng business suit, may katangkaran ang lalaki na sa tantya niya ay 5’9” na hindi naman nagkakalayo sa height ni Arthur.

“Pasensya na, Miss, pero p’wedeng padaan? Bababa kasi ako,” sabi nitong tila nairita sa inasal niya. Tumabi siya para makadaan ito. Napailing na lamang ang lalaki habang bumababa ng hagdanan.

Nakasunod lang dito ang tingin ni Gillian.

Hindi na niya palalampasin ang pagkakataong ito. Malamang si Arthur iyon at ayaw lang magpakilala sa kanya o baka nagka-amnesia. Dali-dali niya itong hinabol at sa pagmamadali ay nasabit ang takong ng sapatos niya sa baitang ng hagdanan.

Kung hindi siya bumangga sa likod nito ay dumiretso siyang nahulog sa ibaba. Mabuti na lang at maagap siya nitong nahawakan. Napayakap siya sa mga balikat ng lalaki at hawak naman nito ang isang braso niya. Nasamyo niya ang pabango nito, pamilyar iyon sa kanya! Napatingin ito sa kanya, ang lapit na halos ng mukha nito sa mukha niya nang harapin siya nito.

“Arthur? Ikaw ba ’yan?”

“Hindi nga Arthur ang pangalan ko, okay?”

“P-pero—”

“I’m sorry pero nagkakamali ka, hindi ako si Arthur at hindi kita kilala. Now will you please excuse me? I’m in a hurry. Maiwan na kita.” Nagsimula na itong bumaba ng hagdanan. “Nga pala...” Lumignon ito sa kanya. “Umiwas ka sa hagdanan, mag-elevator ka na lang.” Tumalikod na ito.

Naiwan siyang naguguluhan at tumutulo pa rin ang luha. Kung hindi si Arthur ang lalaking

iyon, sino ito? Bakit kamukha nito ang lalaki? At bakit kapareho ng amoy sa pabango ni Arthur ang gamit nito?

Iyon ang mga tanong sa isip na hindi niya mahanapan ng kasagutan.



Mag-iisang linggo pa lang si Gillian sa bago niyang trabaho kaya hindi siya puwedeng tatanga-tanga na lang. Bukas ay maa-assign na siya sa jobsite. Masuwerte siya dahil sa dami ng nakasabay niyang engineer na nag-apply ay pinalad siyang makasama sa mga natanggap. Kaya hindi na niya sasayangin ang panahon sa pag-iyak, pipilitin na niyang mag-move on.

Sa kasalukuyan ay nasa harap siya ng isang ginagawang high-rise building at nakatingala doon. Wala pa sa kalahati ang nagagawa roon.

Pumasok na siya sa construction area pagkatapos niyang ipakita sa guard ang isang memo letter mula sa head office. Itinuro naman siya nito sa container office ng jobsite. Marahan siyang kumatok at nagbukas ng pinto. Napatingin sa kanya ang mga engineers na mga nakaupo sa kani-kanyang mesa. Sinalubong agad siya ng ngiti ng mga ito.

“Yes? Saan sila, Ma’am?” tanong ng isang

engineer na lumapit sa kanya, ngunit nakita na agad nito ang kanyang ID at ang pinakita niyang letter. “Ah ikaw pala ’yong bagong engineer. I’m Henry.”

“Ako naman si Gillian,” pakilala niya.

“Dumeretso ka na lang sa opisina ni boss,” anito at itinuro kung saan siya pupunta. Tinungo niya ang silid na nasa gawing kaliwa, kumatok siya at marahan niyang binuksan ang pinto. Isang lalaki ang nakita niyang nakaupo roon.

“Good morning, Sir!” bati niya. Nag-angat ito ng tingin mula sa pagkakayuko sa mga binabasa nitong mga dokumento. “I-ikaw?” Hindi siya makapaniwala; ang lalaking nabangga niya sa hagdanan at napagkamalang si Arthur ang kaharap niya ngayon. Tila nagulat din ito nang makita siya.

“Oh! It’s you again?” Sa pagkakataong ito ay nakangiti ito sa kanya.

“Kayo po ba si Engr. Jaden Escarcha?” paniguro niyang tanong. Iyon ang pangalang nakasaad sa kanyang dalang memo letter.

“Yes, I am,” sagot nito.

“Sir, ako po ’yong engineer na ipinadala ng head office. Ito po ang memo letter ko.” Iniabot niya sa lalaki ang isang sobre

”Ah, ikaw pala,” anito na tiningnan ang kanyang memo. “Nice to see you again, Engr. Gillian Montares.” Tumayo ito at kinamayan siya. “Maupo ka,” turo nito sa silyang nasa harap ng mesa. Muli itong umupo.

“Sorry po hindi ko alam na...”

Ngumiti lang ito. “Na magkikita ulit tayo? Hmm... maybe you can tell me what had happened last time. Pero hindi muna ngayon kasi marami akong dapat i-discuss sa ’yo about our project and I’ll introduce you to our fellow engineers na makakasama mo.”

Si Gillian naman ay nakatitig sa mukha ng kausap, hindi pa rin siya makapaniwalang may kamukha si Arthur. Ngayon ay napatunayan na niyang hindi talaga ito ang nobyo niya. At sigurado siyang ngayon lang sila nagkakilala ng lalaking ito.

Malayo ang kanyang inuuwian kaya tumutuloy na lang siya sa staffhouse ng kompanya. Tuwing weekend na lang siya umuuwi sa duplex na tinutuluyan nila ng pinsang si Menette. May sarili siyang kuwarto sa staffhouse at mabait naman ang mga kasama niyang engineer kahit na pulos lalaki ang mga ito. Tila pinag-aagawan siya ng mga single engineers na sina Henry,

Dax at Marvin. Hindi niya iyon pinapansin at napapangiti na lang siya sa tuwing mag-uunahan ang mga ito sa panlilibre sa kanya ng merienda.

Chapter Two



Naang matapos ang meeting ay pumunta sila sa site para mag-inspection. Suot ang safety shoes at safety hat ay lumakad na si Gillian kasunod si Jaden at ilang engineers. Nasa kalagitnaan na sila ng gusali na kung saan ay isang malakas na lagabog ang nanggaling sa itaas na bahagi nito. Napatingala ang dalaga, tila nanigas siya at hindi nakakilos. Ipinikit na lang niya ang mga mata sa nakitang pabagsak sa kanya.

Bigla siyang sinunggaban ni Jaden para mailayo sa kinatatayuan, pero hindi nito nabalanse ang mga paa kaya tumilapon sila sa di-kalayuan bago pa man nahulog ang mga

debris sa kanilang kinaroroonan. Noon lamang niya napagtanto na nakayakap sa kanya ang lalaki, bumagsak siya sa matigas nitong katawan na sumalo sa kanya. Halos magkalapit na ang kanilang mga mukha. Agad naman siyang napaangat at idiniin sa lupa ang mga kamay sa pagitan ng nakahigang si Jaden para siya ay makabangon.

“Nasaktan ka ba?” tanong nito.

Umiling siya. “Hindi. Ikaw? Okay ka lang, Sir?” sagot niya.

“Okay lang ako,” anito, ngunit matagal ito bago nakagalaw sa pagkakahiga. Noon lang niya napansin na duguan ang balikat nito. Nataranta siya nang makita ang dugo. Bago pa sila tumilapon ay nahagip ng nahulog na basag na salamin ang balikat ng lalaki na kung hindi siya nito niyakap ay malamang sa kanya tumama iyon.

Agad na nagsilapit ang mga kasama nila at inalalayan na tumayo si Jaden. Gasgas ang mga siko ng long-sleeved shirt nito habang tumatagas pa rin ang dugo sa kaliwang balikat. Agad nilang isinugod sa ospital ang binata. Buti na lang at hindi malalim ang sugat nito sa balikat at hindi rin tinamaan ang buto nito. Nilinis lamang ang

sugat ng pasyente at binigyan ng anti-tetanus shot, pain reliever, at antibiotics.

Nang matapos na ang nurse sa pagbenda sa sugat ni Jaden ay noon lang napansin ni Gillian ang makisig nitong katawan habang sinusuot nito ang polo. Napalunok siya at tila napahiya sa pagkakahuli sa kanya ng lalaki habang nakatitig siya sa six-pack abs nito. Napangiti ito sa kanya nang magkasalubong ang kanilang mga tingin.

“Wala ito... masyado ka lang natataranta.”

“Natakot lang ako, Sir, akala ko katapusan ko na. Buti na lang at iniligtas mo ako. Thank you, ha?” nahihiyang sabi niya.

“Ginawa ko lang kung ano ang nararapat, wala namang espesyal sa ginawa ko. Kahit sino naman ay p’wedeng gawin iyon,” anang lalaki na inaayos ang pagkakabutones ng polo.

Madali niya itong nakagaan ng loob at lalo siyang napahanga sa pagligtas nito sa kanya. Nakita niya rito ang katauhan ni Arthur kaya naman lalo siya nangulila sa yumaong nobyo.



“Andito ka na pala. Kanina ka pa hinihintay nitong si Camille,” ani Mr. Luis Escarcha.

“Jaden, kumusta na?” anang babae na napatayo sa kinauupuan at sinalubong siya.

“Antagal mo nang hindi pumupunta sa bahay. Hinahanap ka na nina Mama at Papa.” Nag-high-five sila bago ito bumalik sa pagkakaupo.

Si Camille ay kababata niya. Magkaibigang matalik ang kanilang mga ama kaya naman noong nagdalaga at nagbinata sila ay hindi maiwasang hindi sila ireto sa isa’t isa.

“Gan’un ba? Malayo kasi sa inyo ’tsaka ano naman ang gagawin ko roon?” Umupo siya sa sofa sa tabi ng bisita.

“Manonood tayo ng movie sa bahay.”

“Camille, hindi na tayo mga teenager. ’Tsaka kahit sa cellphone ay p’wede na akong manood ng movie, ba’t pa ako pupunta sa inyo? Hindi na nga ako magkandaugaga sa trabaho ko,” sabi niya habang niluluwagan ang necktie.

“Kainis ka naman, Jaden! Minsan lang ako pumunta dito, ganyan ka pa,” nakasimangot nitong turan.

“Bakit nga ba napadalaw ka? ’Wag mong sabihin kukunin mo na naman akong escort?” Nadala na ang binata sa pagiging escort sa babae. Sa tuwing irereto siya rito ay parang ilang na ilang siya, pero lagi pa rin siya nitong kinukuhang escort para event na pupuntahan nito. Nahihiya lang siyang tumanggi dahil mabait ang mga

magulang nito sa kanya. Maganda si Camille pero hindi lang niya ma-appreciate ang beauty nito.

“O, maiwan ko muna kayo diyan. Jaden, asikasuhin mo si Camille, ha?” bilin ng ama niya. Tumango siya saka iniwan na sila nito para pumanhik ng hagdanan.

“May problema ba?” tanong niya.

“Wala naman, naiinis lang ako. Si Miguel kasi may babae.” Seryoso ang mukha nito.

“At sino naman si Miguel?” Wala na kasi siyang balita kay Camille, pero ang dalaga ay laging updated sa kanya.

“Yong boyfriend ko.”

“Ha? Nagka-boyfriend ka?” pabiro niyang tanong. Binatukan siya nito.

“Syempre naman, 'no! Habulin kaya 'tong beauty ko. Ikaw lang ang napapangitan sa akin.”

Napangiti nang nakakaloko si Jaden. “Habulin daw, ba't ka iniwan?”

“Sasapatusin na kitang lalaki ka! Mabuti pang hindi na lang ako pumunta dito, hindi naman pala kita makausap nang matino.” Nagseryoso na ang mukha ng lalaki nang makita niyang naasar na si Camille.

“So, ano'ng plano mo? Gusto mo bang bigyan

ko ng leksyon ang lalaking iyon?”

Napabuntong-hininga ito at umiling.

“Huwag. May mas maganda akong plano.”

“At ano naman ’yun?”

“Hihiramin muna kita, alam ko kasing pupunta siya sa party na iyon. Ang gusto ko samahan mo ako at magpapanggap tayong magnobyong. Gusto kong mag-propose ka sa harap ng marami.”

Nanlaki ang mga mata ni Jaden. “What? Ayoko nga! At bakit ako pa talaga?”

“Dahil ikaw ’yong tipo na pagseselosan niya.”

Natawa siya. “At sa tingin mo magseselos ’yon? Baka nga magpasalamat pa siya sa ’yo dahil sa wakas ay malayang-malaya na siya.”

“Ipinagpaalam na kita kina Tito Luis at Tita Felicia. Okay naman sa kanila,” anitong nakanguso pa sa binata.

“At sa akin, nagpaalam ka na ba? Pumapayag na ba ako? No way!”

“Sige na, pagbigyan mo na ako. Isang beses lang naman. Gusto ko lang makaganti sa unggoy na ’yun.” Nagmamakaawa na ito sa kanya.

“Ayoko. Baka mamaya may makakilala sa akin d’un.”

“Next week na ang party na ’yun. Pag-isipan

mo, Jaden,” paalala ni Camille.

“O siya, sige, si Jake na lang ang isama mo, darating na siya next week. ’Tsaka... ’tsaka pag nalaman ng girlfriend ko ito baka magalit siya sa akin,” turan niyang nakahanap ng dahilan. Ang totoo ay wala naman siyang girlfriend. Pag nagkataon ay mapipilitan siyang manligaw ng iba, huwag lang madikit kay Camille.

Namilog ang mga mata nito sa gulat. “May girlfriend ka na? Kelan pa?”

“Oo naman!” pagmamayabang niya.

Umikot ang mga mata ng dalaga. Ang pagkakaalam kasi nito ay matagal na silang nagkahiwalay ng girlfriend niyang mayaman na ipinagkasundo sa ibang lalaki. Mula noon ay wala na itong nabalitaan na naging nobya pa niya. Lagi itong updated sa buhay ng lalaki.

“Ano ’ika mo, Jaden? May girlfriend ka na?” sabat ng ina niyang si Felicia na papalapit sa kanila kasunod ang housemaid na may dalang merienda. Naupo rin sa sofa ang ginang. “Hindi mo yata sinasabi sa amin, at hindi mo ipinapakilala. Akala ko kasi itong si Camille ang liligawan mo.”

“Ma, sa tanda kong ’to ay binabantayan n’yo pa kung sino ang magiging girlfriend ko?”

“Aba, syempre! Baka kasi kapag nasaktan ka ulit, eh, magmukmok ka na naman. Kung talagang seryoso ka sa babaeng iyon ay ipakilalala mo sa amin,” anang ginang na pursigidong makilala ang nobyang tinutukoy ng lalaki.

“Oo nga naman, Jaden,” ani Camille na napatingin sa kanya.

“O sige, pero pag ipinakilala ko ba ang girlfriend ko, hindi mo na ako yayayain magpanggap bilang boyfriend mo?”

Napataas ang kilay ng babae. “O sige, deal. Pero kapag hindi mo naipakilala within this week, papayag ka sa hiling ko sa ayaw at sa gusto mo,” pagbabanta nito. Napakamot na lang sa batok si Jaden.

Saan naman siya hahagilap ng babae na magkukunwaring girlfriend niya? Ayaw nga niyang magpanggap, pero ngayon siya pa pala itong magpapanggap. May naalala siya; ang bagong engineer na babae sa site. Lihim siyang napangiti.



Weekend na. Sakay ng kotse ni Jaden si Gillian dahil pinasabay siya nito. Pareho lang ang daan nila pauwi. Napatingin siya sa lalaki nang tumikhim ito para mabasag ang katahimikan sa

loob ng sasakyan.

“Nga pala, Gillian, p’wede mo ba akong samahan sa mall? May bibilhin lang kasi akong regalo para sa niece ko. Birthday niya ngayon, hindi ko kasi alam kung anong klaseng gift ang ibibigay ko.”

“Sige, Sir, sasamahan ko kayo,” aniya.

“‘Jaden’ na lang itawag mo sa akin para mas komportable.”

“Ha? Uhm... sige, J-Jaden.” Nautal pa siya nang sabihin ang pangalan nito. “Ilang taon na ba ang pamangkin mo?”

“Three years na siya, ’tsaka sumama ka na rin sa party. Ihahatid na lang kita kapag ginabi ka,” anang lalaking nakatuon lang ang tingin sa pagmamaneho.

“Ah, kasi...” Tatanggi pa sana siya.

“Bawal tumanggi. Minsan lang naman ako magyaya.”

Napatango na lang ang dalaga. Gumuhit sa dibdib niya ang sayang naramdaman nang marinig ang sinabi nito. Sa tuwing makikita niya ito, aminin man niya o hindi ay masaya siya kapag nakikita niya ito. Nagkaka-crush na yata siya rito. Dahil ba kamukha ito ni Arthur?

At bakit sa tuwing magkakasalubong ang

kanilang mga tingin ay may kung anong bugso ng damdamin na gustong kumawala sa kaibuturan ng kanyang puso?

Nang nasa mall na sila ay nagtungo sila sa isang toy store. Pulos educational toys ang binili nila at isang malaking stuffed toy. Galante pala si Jaden na magregalo sa bata dahil hindi lamang isa kundi marami ang ibibigay nito. Ayon dito ay unang pamangkin daw kasi nito ang paslit sa kapatid na lalaki. Pagkatapos nilang mamili ay nagtungo na agad sila sa venue ng party.

Nahiya nang tumanggi pa si Gillian na sumama rito dahil malapit naman ang village na tinitirahan nito sa kanyang inuuwian. Kung kaya kapag weekend ay nakakasabay siya sa lalaki.

Ginanap ang birthday party sa clubhouse ng village. Kitang-kita na agad nila ang *Hello Kitty* theme niyon. Maganda ang pagkakaayos ng lugar. Maraming bisita na bata at adults. Pagpasok nila sa hall ay sinalubong agad sila ng matandang mag-asawang akay ang cute na cute na baby. Sa tantya niya ay ito ang pamangkin ni Jaden.

“Antagal mo, Jaden. Ikaw na lang ang hinihintay namin para mag-umpisa na ang party,” nani Mrs. Escarcha.

“Alam n’yo naman po na darating talaga ako. Hello, baby. I-kiss mo nga ang Tito,” anang lalaki na nilambing at hinagkan ang bata pagkatapos ay kinarga. “Ambigat mo na, ah. Do you miss Tito Jaden?”

“Yes,” sabi ng paslit, sabay halik sa pisngi ng binata.

“Baby, say hi to Tita Gillian,” anito na ininguso siya.

“Hi, Tita G-Gil-lian!” anang batang nauutal pa sa pagbanggit sa pangalan niya.

“Hello, baby. What’s your name?” magiliw na tanong niya.

“Nica,” sagot nito.

“You have a beautiful name,” nakangiting saad niya. “Ah, nas’an pala ang mommy at daddy mo?” Ngunit hindi umimik si Nica, bagkus ay itinuro nito ang matandang mag-asawa. Inilapag na ni Jaden ang bata at lumapit na ito sa mag-asawa.

“Hindi ko pala nasabi sa ’yo na wala na ang mommy niya at nasa abroad naman ang daddy niya. Minsan ikukuwento ko sa ’yo,” anang lalaki. Mukhang komplikado ang sitwasyon kaya hindi na lamang mag-uusisa si Gillian. Nakangiti sa kanya ang dalawang matanda.

“Oo nga pala... Ma, Pa, this is Gillian, engineer din siya at kasama ko sa trabaho,” pakilala sa kanya ng binata.

“Nice to meet you, hija. Napakaganda mo naman,” sabi ng papa ni Jaden.

“Aba, siyempre maganda talaga pumili ang anak natin, Luis,” wika ng ginang. Mukhang hindi yata nito narinig na kasama lang sa trabaho ang pakilala sa kanya ni Jaden. Akala siguro nito ay girlfriend siya ng binata.

“Thank you po. Nice to meet you din.” Nakipagbeso-beso siya sa ina ni Jaden at hindi na siya nakapagpaliwanag pa dahil binalingan nito ang bagong dating na mga bisita na bumati rito. Kumindat sa kanya ang binata.

“Siya na ba ang babaeng ipapakilala mo sa amin?” walang anu-ano ay tanong ng ginang sa anak.

“Ho?” Biglang naisip ni Jaden ang pabor na hinihingi ni Camille dito. Ito na siguro ang pagkakataon na ipakilala nito si Gillian.

“Siya na nga, Ma,” anitong tiningnan ang dalaga at kinindatan.

“Naku, hija! Hindi ka ba binibigyan ng sakit ng ulo ng anak namin? Kapag ganoon ay isusumbong mo sa amin, ha? Pa’no, maiwan

muna namin kayo,” nakangiting wika ng ginang at tinapik-tapik siya nito sa braso bago umalis para asikasuhin ang mga bisita.

“Jaden, ano’ng ibig sabihin n’un?” tanong ni Gillian, bakas ang pagtataka sa kanyang anyo. Napakamot sa batok ang lalaki.

“Pasensya ka na, Gillian. Desperado kasi sina Mama na ihanap ako ng girlfriend kaya naisip ko ’yun. Pero ’wag kang mag-alala, ngayon lang ’to. Ginawa ko lang para matigil na sila, okay lang ba? Nakakahiya naman sa ’yo... Sorry talaga.”

Ngumiti siya. “Ayos lang ’yon ’tsaka hindi naman kami magkikita ulit.”

“Thank you. Kain na lang muna tayo. Tara, doon tayo umupo.” Itinuro nito ang isang bakanteng mesa. Hindi pa agad nag-umpisa ang party. Napatingin ito sa kanya. “Gutom ka na ba? Dapat pala ay kumain na tayo sa mall. Si Mama kasi tawag nang tawag sa akin kung nasaan na daw tayo. Di bale marami pa namang next time, di ba?”

“Oo naman. Basta ba ililibre mo ako, eh.”

Napangisi ang binata. “Syempre. Ang pangit siguro kung ikaw pa ang manlilibre sa akin.”

Napangiti na lamang si Gillian.

“Tingnan mo si Nica, enjoy na enjoy sa

kanyang party. Kung nakikita lang sana ito ng kapatid ko.” Gumuhit ang lungkot sa mukha nito.

“Bakit? Nasaan ba mga magulang niya?”

“Bumalik ng Australia si Jake, iniwan niya ang bata kina Mama. Namatay na kasi ang mommy ni Nica nang ipanganak siya. Kaya sina Mama at Papa na ang nakagisnan niyang nag-aalaga sa kanya.”

“Bakit iniwan siya ng kapatid mo? Kawawa naman ang bata.”

“Hindi niya mapalampas ang magandang opportunity sa abroad kaya hindi na namin siya napigilan sa gusto niya.” Nakatingin pa rin ang lalaki sa tumatakbong si Nica habang hinahabol ang mga bubbles na nagliliparan.

“Parang anak mo nga, eh. Magkamukha kasi kayo.”

Ngumiti ito. “Oo nga. Marami nga’ng nagsasabing kamukha ko raw ang bata, napagkakamalan tuloy ako ang daddy. Kamukha ko rin kasi ang tatay niya kaya malamang magkakamukha na kami.”

Napaisip ang dalaga na kung may kapatid pala itong si Jaden na kamukha nito ay kamukha rin siguro iyon ni Arthur.

“Dalawa lang ba kayong magkapatid, Sir... I

mean, Jaden?” curious na tanong niya

Tumango ito. “Yup, why?”

“Wala naman. Akala ko kasi may iba pa,” aniyang hindi nagpahalata na interesado siya kung sino pa ang mga miyembro ng pamilya ng lalaki. Pero dalawa lang ang mga ito at Jake ang pangalan ng isa. So mali pala ang akala niyang baka kapatid ng lalaki si Arthur.

“Pag nakauwi si Jake, ipapakilala kita sa kanya. Hanggang ngayon ay single pa din siya dahil hindi naman sila nagpakasal ni Margo, ang yumaong mommy ni Nica.”

Napatango na lang siya. Mayamaya ay nagumpisa ang kainan. Pumila sila sa buffet table. Naglagay ito ng pagkain sa kanyang plato.

“Jaden, ako na lang,” saway niya. Pero nilagyan pa rin nito ng pagkain ang plato niya. Hindi nito pinakinggan ang pagtangga niya kaya wala na siyang nagawa kundi hayaan ito. Nang matapos ang party ay nagpaalam na si Gillian sa mga magulang ni Jaden.

“Bye, baby. Happy Birthday ulit,” kaway niya sa musmos na karga ng lolo nito. Kumaway naman ito sa kanya. Pagkatapos ay hinalikan ni Jaden sa pisngi si Nica. Napansin niyang mahilig at napakalambing pala ng lalaki sa bata, kung

ituring ito ay parang sariling anak.

Pinagbuksan pa siya ni Jaden ng pinto sa passenger seat bago ito umikot sa driver side.

“Mahilig magluto si Mama. Ikaw ba mahilig din?” anito habang nagmamaneho.

“Hmm... hindi gaano.” Hindi talaga siya mahilig magluto. Mula nang mapadpad siya ng Maynila ay hindi na siya nagluluto. Pulos bili na lang ang pagkain niya o kaya ay kakain sila ng pinsan niya sa labas. “Kayo, Sir, ano’ng hilig n’yo? I mean, mahilig ka bang magluto?”

“S’abi ko ‘Jaden’ na lang ang itawag mo sa akin. And yeah, mahilig akong kumain sa niluto,” natawang sabi nito.

Maging ang dalaga ay natawa. Mayamaya ay, “Malapit na tayo, d’yan na lang sa tapat.” Itinuro niya ang tapat ng duplex na kanilang inuupahan ng pinsan niya. Huminto na ang sasakyan at bumaba sila pareho.

“Dito pala kayo nakatira?” anitong nakatingin sa bahay.

“Maliit lang ’yan sa loob.”

“Wala ka bang kasama rian?”

“Pinsan ko, pero wala pa siguro siya kasi wala pang ilaw sa loob.” Gabing-gabi na kung umuuwi si Minette. Minsan ay pang-umaga ang pasok

nito sa call center.

“Pasok ka,” anyaya niya.

“No thanks, pauwi na rin ako. Sige na, pumasok ka na para makapagpahinga ka na rin. Thank you sa pagsama mo sa akin,” wika nitong nakangiti.

“Naku! Ako nga dapat ang magpasalamat at nabusog ako, ’tapos hinatid mo pa ako. Maliit na bagay lang naman ang ginawa ko.”

“Okay, you’re welcome. Ayaw mo talaga padaig, ha? Pa’no, aalis na ako. Ingat ka diyan.”

Kumaway pa sa kanya si Jaden bago ito sumakay ng kotse. Kumaway rin siya pagkatapos ay isinara na ang gate at pumasok na ng bahay.

Chapter Three



Dinampot ni Gillian ang cellphone niya nang tumunog iyon.

“Sir, bakit po?” aniya sa kausap.

“Pakidala na lang ng mga files na kakailanganin ko sa meeting bukas. Hindi na kasi ako makakapunta ng site bukas, baka ma-late ako.”

“Kung gusto n’yo, Sir, ako na lang ang magdadala. Uuwi kasi ako ngayon sa bahay. Idadaan ko na lang diyan sa inyo?” prisinta niya.

“Sure. Mas maganda nga kung ikaw ang magdadala. Hinahanap ka kasi ng dalawang matanda dito,” saad nito.

Ang buong akala ng mag-asawang Escarcha

ay nobya talaga ng lalaki si Gillian.

Kinuha niya ang folders ng mga papeles na kailangan ng binata. Nang makarating ang dalaga sa village na tinitirahan ni Jaden ay sinalubong agad siya ni Felicia. Malawak ang ngiti nito nang makita siya.

“Akala ko talaga hindi ka na pupunta, hija. Halika, nagpahanda ako ng merienda.”

“Naku! Nag-abala pa po kayo, hindi naman po ako magtatagal,” sabi niya na kumaway sa pamangkin ni Jaden na lumapit sa kanya.

“Hay naku! Wag kang magmadaling umuwi, mag-enjoy ka muna dito.”

Hindi na siya nakatanggi. Kasama si Nica ay nagtungo sila sa terrace. May dining set doon. Nakita niya si Jaden at naghihintay sa kanyang pagdating. Tumayo ito nang makita siya. Nagkumustahan muna sila bago niya iniabot dito ang dalang folders.

Mayamaya pa’y inilatag ng housemaid sa mesa ang merienda—baked macaroni. Bigla tuloy siyang natakam dahil paborito niya iyon.

“Nga pala, Jaden, kelan ba ang balak n’yong magpakasal nitong si Gillian?” ani ginang Felicia habang kumakain na sila.

Naubo si Jaden kaya napainom ito ng tubig

samantalang natigilan naman si Gillian sa pagnguya ng kinakain.

“Uh, bakit ano’ng problema? Ba’t ganyan kayo maka-react?” tanong ng ginang.

“Ma, ang totoo po’y hindi ko siya girlfriend. Hindi ko lang nasabi agad sa inyo dahil hindi na natin napag-usapan,” anang binata habang nakatingin sa ina.

“Ha? Akala ko’y...”

“Hindi po, Tita. Magkaibigan lang kami ni Sir Jaden,” segunda niya sa sinabi ng lalaki. Nakita niyang tila na-disappoint ang ginang.

“Gan’un ba? Akala ko girlfriend ka niya. Eh, bakit nga ba hindi mo siya ligawan, hijo?” Sa sinabi nito ay muntik nang mabulunan si Jaden sa kinakain. Muli itong uminom ng tubig.

“Ma naman, nakakahiya kay Gillian,” awat ng binata.

“Bakit? Wala namang nakakahiya doon. Isa pa, pareho kayong single, di ba?” Nakatingin sa kanya si Felicia.

“Ho? Ah... eh... opo.” Tumango siya.

“O, kita mo, anak, walang boyfriend si Gillian.”

“Ma, ang s’abi niya’y single siya, hindi niya sinabing walang boyfriend. Malay ko ba kung

may boyfriend si Gillian. Sa katunayan nga pinagkakaguluhan siya ng mga kalalakihan sa site,” dugtong pa ng lalaki.

Kung ganoon ay napapansin din pala nito ang mga pagpapalipad-hangin sa kanya ng mga kasama sa trabaho.

“Nga pala, hija, punta ka sa birthday nitong si Jaden, ha?”

“Sige po.” Hindi na nakatanggi ang dalaga dahil mabait sa kanya ang ginang.



Isang araw ay dumating si Jake galing abroad. Si Jaden pa mismo ang nagsundo sa kapatid niya sa airport. Sabik na kinarga ng bagong dating ang anak nitong si Nica pero ayaw rito ng huli. Hindi kilala ng bata ang ama nito. Nakatingin lang ito sa lalaki habang pinagmamasdan silang magkapatid. Kalaunan ay lumapit ito kay Jaden. Mayamaya ay tumakbo na si Nica sa lola nito na noon ay nasa sala ng bahay. Naiwan silang magkapatid sa terrace.

“Kumusta ba ang buhay mo doon?” tanong ni Jaden sa kapatid.

“Ayos lang. As usual, puro trabaho,” anito na may bahid ng lungkot ang mukha.

“Is there’s something wrong? Bakit kasi hindi

ka na lang mag-stay dito sa Pilipinas? Marami namang opportunity dito. Isa pa, para na rin makasama mo si Nica. Lumalaki na ang bata, kailangan niya ng ama.”

“Malayo ang loob niya sa akin saka nand’yan naman kayo. Isa pa, para naman sa kanya ’tong ginagawa ko, para sa future niya. Later on kapag nag-decide na akong mag-asawa, at least, may maiiwan ako sa anak ko. Malay mo hindi siya matanggap ng magiging asawa ko,” sabi ni Jake.

“At bakit mo naman pakakasalan kung hindi matatanggap ang anak mo? Dapat kung mahal ka ng babae ay tanggap din niya ang anak mo. Hindi mo dapat ihiwalay si Nica, kawawa naman ’yung bata,” giit niya.

Napabuntong-hininga na lang ang kapatid niya at hindi sumagot. Lihim na napailing si Jaden.

“Ikaw, kumusta naman? Kelan ka ba mag-aasawa?” baling ni Jake sa kapatid mayamaya.

Napangiti naman si Jaden nang maalala kung paano siya ipinagtutulakan ng dalawang matanda kay Gillian.

“I’m working on it. Sa ngayon, hindi ko pa masasagot iyan,” aniya. Tinapik naman siya nito sa balikat.

“Umandar na naman ang katorpehan mo, bro,” nakangising turan nito. Napatawa na lang siya.

“Mas maganda na ’yun. ’Ika nga, slowly but surely, hindi kagaya mong padalos-dalos.” Ang tinutukoy niya ang pagkakaroon ng anak ng kapatid nang wala sa plano.

“Oo na, ako na ang playboy at ikaw na ang mabait.” Napailing ito.

Sabay silang nagtawanan.



“Sir, ipinagtimpla kita ng kape. Baka gusto nyo,” aniya na inilapag ang tasa ng kape sa mesa ni Jaden. Napatingin ito sa kanya, halatang napapagod na sa pinag-aaralang mga papeles na nasa harapan nito.

“Thank you.” Iyon lang ang nasabi nito at itinuon ulit ang mga mata sa mga papeles.

Nakatayo pa rin siya sa harap ng mesa ng binata, nakaramdam siya ng awa rito. Malaking pasanin para sa isang katulad ni Jaden na project manager dahil dito nakabunton lahat ng sisi pag nagkaproblema ang project. Papalabas na siya ng pinto nang tawagin siyang muli nito.

“Uuwi ka ba sa bahay n’yo o sa staffhouse ka matutulog?”

“Uuwi po ako ngayon, Sir. May tinatapos lang po ako.”

“Okay. Sabay ka na lang sa akin mamaya.”

“Sige po.” Hindi na siya tumanggi dahil hindi rin naman papayag si Jaden kapag umayaw siya.

Makaraan ang thirty minutes ay lumabas na si Jaden sa opisina nito. Tumingin ito kay Gillian na noon ay nagliligpit ng mga papel sa mesa.

“Ready ka na ba, Gillian? Halika na,” yaya nito sa dalaga.

“Okay, Sir. Susunod na ako sa labas.” aniya.

Naunang lumabas ang lalaki ng opisina. Pagkasara nito ng pinto ay nagkantyaw ang iba niyang kasama.

“Magsitigil nga kayo! Sasabay lang ako kay Sir para makatipid ng pamasahé. Masyado kayong malisyoso!” Sanay na ang dalaga sa mga biro ng mga ito. May duda nga ang mga ito na may kakaibang namamagitan sa kanila ni Jaden, pero hindi naman niya pinapatulan iyon bagkus ay tinatawanan lang. Pero bakit ba siya natutuwa tuwing ikinakabit ang pangalan ni Jaden sa kanya?

Kumaway pa siya sa mga ito bago lumabas ng pinto ng opisina. Nakita niyang nakatayo ang lalaki sa labas ng kotse nito habang hinihintay

siya. Nang malapit na siya ay ipinagbukas pa siya nito ng pinto sa passenger seat bago ito umikot sa driver side.

Ang sweet naman, nasabi niya sa sarili. Binuhay na nito ang makina saka nagpatugtog sa stereo. Mahilig pala ito sa classic songs. Hindi niya maiwasang sulyapan ang lalaki habang nakiki-sing-along sa music. Mahina lang ang pagkakakanta nito pero maganda ang boses. Tumikhim siya.

“Mahilig ka rin pala sa classic,” aniya

“Medyo lang,” anito na patuloy sa pagda-drive.

Si Arthur din ay music lover. Niyakap niya ang sarili nang makaramdam ng lungkot sa naalala. Muling gumuhit ang sakit sa kanyang puso.

Minsan din ay ipinarinig sa kanya ni Arthur ang composition gamit ang piano noong nasa resthouse sila sa beach resort na pag-aari ng pamilya nito.

“Bakit hindi ka naging singer?” tanong niya. Ngumiti ito at lumingon sa kanya.

“Sa palagay ko kasi hindi ako kikita sa pagkanta, mahiyain ako. Ayokong pinapanood ng maraming tao kaya heto, isa lang akong

engineer.”

“Anong engineer lang? Aba, mas mahirap nga’ng ginagawa mo ’tsaka hindi madali ang maging project manager. Hmm... ako kaya kelan magiging manager?” Napangiti siya sa kanyang pangarap na iyon.

“Gusto mong maging manager? Hayaan mo, bukas na bukas din ay ipapalipat kita ng project para maging manager ka d’un. Gusto mo pa yata akong agawan ng posisyon.” Napatawa si Jaden.

Parang ngayon lang niya napansin ang kaguwapuhan ng lalaki, parang kaysarap pakinggan ang tawa nito at kaysarap pagmasdan ang mga ngiti nito.

“Hindi, joke lang. Okay na ako dito sa project natin. ’Wag mo na muna akong ipapalipat kasi baka mapunta pa ako sa masungit na boss.”

Lalo itong napangiti sa sinabi niya.

“Bakit, ako ba hindi masungit?” tanong nito.

“Hindi, mabait ka nga, eh,” sagot niya.

“Binobola mo na ako. ’Nga pala, matanong lang kita, bakit madalas kitang makita na umiiyak?”

Nagulat si Gillian. Hindi niya alam na nakikita siya nito sa ganoong sitwasyon kapag mag-isa na lang siya.

“Ano ba’ng iniisip mo? Ba’t bigla kang natahimik ryan?” usisa nito nang mapansing natahimik siya. “Brokenhearted ka ba?” dugtong pa nito.

“Ha?” Napatingin siya rito. Para kasing nahuhulaan ng binata ang nangyayari sa kanya. Matagal bago siya nakasagot. Pero wala naman sigurong masama kung mag-o-open siya sa kausap.

“Hindi pa siguro ako nakakapag-move on sa past relationship ko.”

Parang ayaw na niyang ituloy ang sasabihin. Baka tawanan lang siya nito at sabihing overacting siya.

“Sige, ituloy mo... makikinig ako. Malay mo kapag nasabi mo sa akin ay gumaan ang pakiramdam mo o baka may maipayo pa ako sa ’yo.”

“Hindi ko pa rin siya nakakalimutan kahit three years na siyang nawala,” patuloy niya.

“You mean iniwan ka?”

“Patay na siya, sa isang plane crash. Ang masakit kasi hindi ko man lang nakita ang bangkay niya.”

Napailing si Jaden. “Sorry to hear that, pero are you sure na namatay nga siya? Paano kung

hindi pala? Paano kung nakaligtas siya?”

“Impossible ’yon, Sir, kasi kung buhay siya dapat ay hinanap na niya ako,” tugon niya.

“Well, malay natin nabuhay siya ’tapos nagka-amnesia naman. Di ba possible ’yon? Kaya hindi siya bumabalik dahil hindi ka niya maalala,” anito na binigyan ng pag-asa ang babae.

“Sa totoo lang, Sir, kamukha mo siya,” hindi na matiis na sabi niya. “Kamukhang-kamukha mo.”

“What?” gulat na tanong ng binata. Pero natawa ito sa sinabi niya; sigurado kasi itong hindi siya nagka-amnesia. “Hindi ako ’yun, ha! I assure you, hindi ako nagka-amnesia ’tsaka kung sakali man ay mararamdaman ko pa ring minahal kita,” sabi nitong napatingin sa babae at napansin nito ang pamumuo ng luha sa kanyang mga mata.

“Hey... mababaw din ang luha ko baka magkaiyakan tayo dito. Kaya ba n’ung una mo akong makita ay tinawag mo akong ‘Arthur’? Tama ba, Arthur ba ang pangalan niya?” patuloy nito. Naalala ni Jaden ang unang engkuwento nila. “Gaano ko ba siya kamukha?” Tumingin ito sa kanya habang nakatigil ang sasakyan sa red light.

“Kamukha mo talaga, Sir. Hindi naman kita mapagkakamalan kung hindi mo siya kamukha.” Nakita niyang napailing ang lalaki at napangiti.

“Talaga? What a coincidence! Akala ko pa naman n’ung una ay may crush ka sa akin, ’yun pala...” Napailing ito, natawa nang mahina.

Hindi makapaniwala si Gillian sa narinig mula sa kausap. Inakala pala ng lalaki na may gusto siya rito dahil madalas siya nitong mahuling nakatingin dito.

“Kalimutan mo na siya. Life must go on. Marami pa’ng magmamahal sa ’yo. Saganda mong ’yan, kahit hindi ka maghanap ay may lalapit sa ’yo. Tingnan mo nga halos magkandarapa ’yong tatlo sa ’yo,” anito na tinutukoy sina Henry, Dax, at Marvin.

“Kain muna tayo d’yan,” pag-iiba nito ng usapan nang mapadaan sila sa isang Japanese restaurant. Hindi na siya makatanggi dahil inihinto na nito ang sasakyan. Pagbubuksan pa sana siya ng pinto ng kasama, ngunit inunahan na niya ito. Ayaw niyang isipin nito na nagpapaimportante siya. Ramdam niya ang pag-alalay ng lalaki na kasabay niyang naglalakad. Nang makahanap sila ng mesa ay nag-umpisang mag-order si Jaden.

“May gusto ka pa ba? Order ka lang, ako naman ang taya.”

“Naku! Okay na ’yan, andami mo na ngang inorder, eh,” nahihiyang sabi niya.

“Wag ka nang mahiya, minsan lang ako manlibre.”

Nang dumating ang kanilang order ay si Jaden pa ang naglagay ng kanin at ulam sa kanyang plato. Nahiya siya rito. Pakiramdam niya ay para siyang prinsesang pinagsisilbihan. Napahawak ang dalaga sa kanyang pisngi; pakiramdam niya ay nag-iinit ang mga iyon.

Kanina pa siya gutom kung kaya kahit nahihiya ay napadami ang kain niya lalo na’t masasarap ang pagkain na inorder ng lalaki. Nailang siya nang marahan nitong punasan ng tissue ang kanyang labi. Napakagat-labi siya at nakita iyon ni Jaden. Ngumiti lang ito.

Nagpumilit ang lalaki na ihatid si Gillian sa tinutuluyan nitong bahay. Nakapatay ang ilaw sa labas ng duplex, malamang ay wala pa ang kanyang pinsan. Minsan kasi ay hindi rin ito umuuwi dahil pumupunta ito sa kapatid. Hinanap ng babae ang kanyang susi sa bag at binuksan ang gate. Pagpasok niya ng pinto ay sinindihan niya ang ilaw sa labas ng kanilang

bahay. Lumington siya sa lalaking nakatayo lamang sa labas ng gate.

“Jaden, pasok ka muna,” tawag niya.

“P’wede ba?” anitong medyo nag-alangan, ngunit pumasok din ito ng gate. Iginala nito ang tingin sa kabuuan ng bahay nang makapasok. Maliit lang iyon pero malinis at nakaayos ang lahat ng kagamitan.

“Maupo ka,” muwestra niya sa maliit na sofa.

“Hmm... ang cute ng bahay n’yo.”

“Sakto lang. Umuupa lamang kami dito kaya hindi gan’on karami ang gamit namin kasi baka maisipan naming lumipat ulit.”

“Hindi ko pa nakikita ang pinsan mo. Ito ba siya?” Nakatingin ito sa picture frame na nakapatong sa maliit na mesa sa tabi ng sofa.

“Siya nga ang pinsan ko.”

Tumangu-tango lang ito at natuon ang pansin sa gitarang nakasabit sa dingding.

“Sino’ng naggigitara?”

“Kay Arthur iyan. Hindi ako marunong pero iniwan pa rin niya sa akin para daw may remembrance ako sa kanya.” Naalala ulit niya ang yumaong kasintahan.

“Gan’on ba? Mahal na mahal mo talaga siya.” Umupo ito sa sofa malapit sa kanya. Tumango

lang siya.

“Oo, minahal ko talaga siya...” Hindi niya puwedeng ipagkaila dahil totoo iyon.

“Wow, nakakainggit naman! How I wished na may babaeng magmahal din nang ganyan sa akin...” Napatingin ito sa kisame at napasandal sa sofa.

“Bakit nga ba wala ka pang girlfriend?” Napaurong siya nang bahagya nang umayos ito sa pagkakaupo at tumingin sa kanya nang malapitan.

“Siguro may hinahanap ako sa isang babae na hindi makita dati, pero ngayon mukhang nakita ko na...” Matiim itong nakatingin sa kanya.

Parang kiniliti siya sa sinabi ng lalaki. Hindi niya maintindihan kung ano ang mayroon sa mga titig nito at tila matutunaw siya sa kakaibang sensasyon na dinudulot nito sa kanya. Napalunok siya at tila hindi alam kung ano ang sasabihin.

“Ibig sabihin wala ka pang naging girlfriend?” aniya para lang may maitanong siya. Baka kasi mahalata nitong natataranta siya sa mga titig nito.

“Meron naman. But we’re not meant for each other. Pakiramdam ko magkaiba kami ng mundo. Iniwan niya ako at ipinagpalit sa iba,” saad nito.

“Naloko ka pa sa lagay na iyan? Sobrang

ganda ba ng babaeng iyon?”

Mapait ang ngiting gumuhit sa mga labi ni Jaden at unti-unting naglaho iyon.

“Well, kung may nalolokong babae, meron ding nalolokong lalaki. One thing I knew about the guy, he came from the richest family sa batch namin at iyon ang pinakasalan niya,” salaysay nito, may bahid ng lungkot ang mga mata.

“Hindi siguro gan'on 'yon. Malay mo mahal ka talaga niya, baka lang kasi wala siyang nagawa dahil ipinagkasundo sila. Di ba gan'on naman madalas ang mga mayayaman, mahilig sa arranged marriage?”

“Hmm... ang galing mong manghula. Ano ka ba dati bago naging engineer? Dati ka bang...?” Nakatingin pa rin ito sa kanya, tila ngumiti ang mga mata nito.

“Dating ano, Sir?” dugtong niya.

“Dating nagbabasa ng baraha?” Hindi na nito napigil ang pagtawa. Maging siya ay napatawa rin. Pero unti-unting rin nawala ang ngiti sa mukha nito. Lumapit pa ito sa kanya.

May kung anong kakaibang init ang naramdaman ni Gillian nang magkadikit sila habang magkatabi. Unti-unting bumilis ang pintig ng kanyang puso. Parang nanunudyo

ang mga titig nito, ngunit kahit kumurap siya ay si Arthur ang kanyang nakikita sa mukha ni Jaden. Ang mga mata nitong may mahahabang pilikmata, makakapal na kilay, makinis na mukha at ang mga labi nitong parehung-pareho ng kay Arthur.

Ganito na ba katindi ang pangungulila niya sa lalaking naging bahagi ng buhay niya? Ganito rin ang naramdaman niya tuwing tititigan siya ni Arthur dati. Parang ang tagal na niyang inaasam na mayakap at mahalikan si Arthur, miss na miss na niya ito. Hindi niya namalayang namumuo na ang luha sa kanyang mga mata.

Marahan siyang hinawakan ni Jaden sa mukha at pinahid ang luha sa kanyang mga pisngi na hindi na niya napigilang dumaloy. Unti-unting lumapit ang mukha nito at maingat na inilapat ang mga labi nito sa kanyang bibig. Napapikit na lamang siya. Naramdaman niya ang marahan nitong pagsipsip sa ibabang labi niya. Nang tumugon siya ay lumalim ang mga halik na iyon na puno ng pananabik sa isa't isa. Naging mapaghanap ang mga iyon. Napayakap siya sa lalaki.

“Arthur...” usal niya sa pagitan ng mga halik. Napatigil sa paghalik sa kanya ang binata nang

marinig ang pangalang sinambit niya. Inayos nito ang buhok nitong nagulo niya sa pagkakahawak niya sa batok nito. Masuyo itong ngumiti sa kanya.

“It’s okay. I’ll help you to forget him.” Muli ay hinalikan siya nito sa labi. Habang lalo namang napahigpit ang yakap niya sa lalaki.

Hindi nila namalayan ang pagbukas ng pinto. Si Minette iyon. Naguluhan ang pinsan niya sa nakita. Kahit naikuwento rito ni Gillian ang tungkol sa boss niyang si Jaden na kamukha ni Arthur ay hindi pa rin maipinta ang mukha nito. Tila ito pa ang napahiya nang makita ang ayos nila.

“Pasensya na. Nakakaistorbo ba ako?” Tila aatras ito at isasarang muli ang pinto.

Hindi makakibo si Gillian sa kinauupuan habang ang mga braso ng lalaki ay nakayakap pa sa kanyang baywang.

“Ah, hindi ka naman nakaistorbo,” medyo nahiyang sabi ng lalaki. “Actually, paalis na rin ako. Hinatid ko lang ’tong pinsan mo,” dugtong pa nito. Bumaling ito kay Gillian. “Alis na ako,” paalam nito sa kanya.

Tumayo na ito at tumingin sa dalawang babae. “Pa’no, tuloy na ako.” Tinungo na nito ang

pinto. Inihatid ito ni Gillian sa gate. Ilang sandali pa'y umalis na ang kotse nito. Pagkapasok sa loob ng bahay ay nakita niyang nakaabang si Minette na nakapamaywang pa.

“Ano'ng ibig sabihin ng nakita ko, Gillian? Dahil ba kamukha siya ni Arthur?” usisa nito.

“Oo na, alam kong naguluhan ka sa nakita mo, pero... pero wala kaming relasyon ni Jaden. 'Yong... 'yong nakita mo, hindi namin sinasadya 'yon.”

“Ano? Hindi n'yo sinasadya? Wala kayo 'ika mong relasyon pero naghahalikan kayo? Gan'un na ba uso ngayon?” Saksi ang pinsan niya sa kanyang mga pag-iyak, pagkatapos ngayon biglang nabaling kay Jaden ang pagtingin niya. “Teka nga muna... ikaw ba'y in love na d'yan sa Jaden na 'yan, ha? Baka mamaya ay ginagamit mo lang siyang panakip-butas. Aba, kawawa naman 'yong tao.

“Nagmumukha kang cheap sa ginagawa mo, Gillian. Hindi mo pa siya lubos na kilala. Malay mo baka nagte-take advantage lang siya dahil nahahalata niyang may gusto ka sa kanya,” sermon nito.

“Minette naman, p'wede ba 'wag mo na nga akong pagalitan. Beinte-seis na ako, hindi na

ako bata.”

“Gillian, beinte-seis ka na pero parang wala kang pinagkatandaan,” diretsahang sabi nito.

“Ang sakit mong magsalita,” pakli niya.

Sa kabilang banda ay naisip din niyang hindi siya sigurado sa kanyang nararamdaman dahil kanina lang ay tinawag niyang ‘Arthur’ si Jaden. Ang nasirang kasintahan ang kanyang nasa isip nang mga sandaling iyon.

“Hindi ako agree sa ginagawa mo, pinsan. Teka, sinabi mo bang kamukha niya ang yumao mong nobyo?”

“Tama ka, Minette, nasabi ko nga ’yun,” pag-amin niya.

Napailing na lang ito.

“Sana hindi mo pagsisihan ang mga ginagawa mo,” anitong disappointed sa kanya.

Hatinggabi na pero hindi pa rin makatulog si Gillian. Iniisip pa rin niya ang parang first date nila ni Jaden. Hindi maalis sa kanyang isipan ang mga halik nito, at mukha ng lalaki ang nakikita niya sa tuwing pipikit siya.

Bakit ganoon ang nararamdaman niya? Gusto niyang mas matagal pa itong kayakap. Hindi niya maipagkakailang masaya siya na nakasama niya ang binata.